

1

Mahigit sampung taon na mula nang lisanin ng pamilya ni Chenie ang Maynila para lumipat ng tirahan sa San Carlos, isang bayan sa gawing norte. Ipinamana ng isang tiyuhin nito sa kanyang amang si Fernan ang isang maliit na bukid, gayundin ang naipundar nitong bahay at lupa. Walang pamilya ang kanyang Lolo Simon, ang tiyuhin ng kanyang ama, kaya sa bunsong pamangkin nito ipinamana ang mga ari-arian.

Supervisor sa isang pharmaceutical company sa Maynila ang kanyang ama. Mula nang lumipat sila, tuwing weekends na lamang nila ito nakakasama. Ang ina niyang si Estela, dating empleyado sa munisipyo sa Maynila noong dalaga pa.

Naalala ni Chenie ang araw ng paglipat nila sa San Carlos. Isa ang pamilya Gregorio sa mga nauna nilang nakilala at naging kaibigan. Halos kaedad kasi niya ang bunso ng mga ito na si Kristoff. Dalawang buwan ang tanda niya rito, at kaklase niya ito mula grade two hanggang high school. Nagkahiwalay na lamang sila pagdating sa kolehiyo dahil magkaiba sila ng kurso kahit iisa ang pinapasukan nilang paaralan. Ang panganay na kapatid naman ni Kristoff na si Marco ay matanda sa kanila nang halos limang taon.

Mayaman at kilala ang mga Gregorio sa bayang iyon. Subalit ni minsan ay hindi ipinagmalaki ng mga ito ang katayuan sa

lipunan.

May food manufacturing company ang pamilya ni Kristoff sa side ng ina nito. Kaya naman hindi kataka-takang laging may abot na pagkain sa kanya ang kababata. Katulad na lang kanina bago siya pumasok, inabutan siya nito ng dalawang pack ng chocolates.

“Hoy!”

Muntik na siyang mapasigaw nang gulatin siya ng kaklaseng si Trisha. Magkasalubong ang mga kilay na nilingon niya ito. “Bakit ka ba nanggugulat?”

Napahagigik ito. “Tinititigan mo pa kasi ’yang wrapper. Itapon mo na kaya,” anito at akmang aagawin sa kanya ang plastic subalit mabilis niyang naiwas ang kamay.

“Hindi. Iniipon ko ang mga plastic wrapper. Gumagawa ako ng throw pillow na ginupit-gupit na plastic ang filling.”

“Filling?” eksaheradong ulit nito sa huli niyang salita. “Or *feeling* mo parang si Kristoff ang itinapon mo?”

“Puwede ba? Magsisimula ka na naman!”

Tumangu-tango ito. “Okay, okay. Stop na ’ko. Sarado na bibig ko.”

Tumahimik ito pero nakikita pa rin niya ang pilyang ngiti ng kaklase. May sasabihin pa sana siya subalit pumasok na ang

professor nila. Naisahan siya ni Trisha. Mula nang nalaman nito ang secret crush niya sa best friend na si Kristoff ay lagi na itong nanunudyo.

Wala naman sigurong masama kung magka-crush siya sa kaibigan. May hitsura ito at matagal na niyang kakilala na mabuti ang kalooban. May pagka-isip-bata nga lang—dahil siguro bunso.

Kristoff. Nang sadyain niya ito kanina sa katabing building ay hindi niya nakita ang binata. May nagsabing nag-cut ulit ito ng klase kasama ang mga bagong kabarkada. She frowned at the thought. Isusumbong na talaga niya ito.

“Promise talaga, hindi na mauulit! Sorry na!”

Narinig ni Marco ang tila nagsusumamong tinig na iyon ni Kristoff na katarating lang marahil mula sa school. At sigurado siya na ang best friend nitong si Chenie ang kausap ng kapatid.

“Hindi na ’ko naniniwala sa ’yo. Ilang beses mo nang sinabi ’yan. Mula nang mapabarkada ka d’yan kay Ryan, nagkaganyan ka na.”

Hindi siya nagkamali. Kabisado niya pati ang boses ni Chenie. Lumabas siya ng silid upang alamin ang pinagtatalunan ng dalawa.

“Ano’ng problema? Nag-aaway na naman ba kayo?” tanong niya.

“Wala, Kuya,” sagot ni Kristoff. “May sinasabi lang sa akin si Chenie.” Tiningnan nito ang kaibigan.

Nakita niya ang pagsimangot ni Chenie. Subalit pinalis iyon ng dalaga pagharap nito sa kanya.

“Uwi na ’ko, Kuya Marco. Inihatid ko lang si Kristoff para tiyaking hindi siya maliligaw pag-uwi niya.”

Napangiti siya sa sinabi nito. Kilalang-kilala talaga nito ang kapatid niya. Baka higit pa sa pagkakilala ng nanay niya sa bunso nito.

“Ikaw na lang din ang magsabi diyan kay Kristoff na hindi komo boring ang subject ay tama na di siya pumasok,” sabi pa nito na tumingin muna sa kaibigan bago tumalikod at umalis.

Nakalabas na ito ng bahay nang harapin niya si Kristoff. Halata sa mukha ng kapatid na nagulat ito. Madalas kasing ipinagtatanggol ito ni Chenie. Pero hindi ngayon.

“Mamaya tayo mag-uusap. Pag narito na sina Mama at Papa. Umakyat ka na at ’wag ka nang lalabas.”

“Susundan ko lang si Chenie.”

“Galit siya sa ’yo. Kung hindi, hindi ka sana niya isusumbong. Bukas mo na siya kausapin.”

Hindi na nagmatigas pa si Kristoff. Sumunod na lamang ito sa sinabi niya. Mas matanda siya rito ng limang taon sa edad

niyang beinte tres. Kaya marahil hindi rin sila gaanong close dahil sa agwat ng edad nila. Buti na lang at nakilala nito si Chenie na may mabuting impluwensiya rito.

Malapit sa pamilya nila ang dalaga at madalas din ito sa kanila. Kahit sa ibang tao ay ipinagmamalaki ito ng mga magulang niya. Masipag ito at responsible.

At kahit hindi magsalita ang kanyang ina, halatang gusto nito si Chenie para sa kapatid niyang si Kristoff. Iyon nga lang, napapansin niyang nitong huli ay tila napapad alas ang pagtatalo ng dalawa.

“CHENIE!”

Nilingon niya ang tumawag. Ang Kuya Marco ni Kristoff. Naglalakad na siya papunta sa bukana ng subdivision ng mga ito. Mula roon ay sasakay siya ng tricycle pauwi sa kanila.

Agad na bumaba ang binata sa kotse at nilapitan siya.

Kanina sa bahay ng mga ito ay hindi niya napansin na bihis ang binata. Mukhang may lakad ito. May suot itong mamahaling shades at nanuot sa ilong niya ang pabango nitong panlalaki.

“Sumabay ka na sa akin. Ihahatid na kita sa inyo,” sabi nito na inalis ang suot na shades.

She looked at him. Sa height nitong may anim na talampakan,

kinailangan niya itong tingalain. Sa sikat ng araw ay kitang-kita niya ang kulay ng mga mata nito. They were in darkest brown. Then she looked at his lips. Ang tagal na niyang pinag-iisipan kung sinong *Hollywood* actor ang may ganoong mga labi.

“Pagpasensyahan mo na si Kristoff, Chenie. ’Yaan mo, pagsasabihan ko siya.”

Bagaman natutulala ay napatango siya. “Salamat.”

Ngumiti si Marco. “Halika na, ihahatid na kita,” anito at iginiya siya pasakay sa kotse.